4Ws FILIPINO

WHAT'S WRONG WITH US?

DEAL WITH CONFLICTS IN GOD'S WAY

AYUSIN ANG MGA PAGTATALO SA PARAAN NG DIYOS

SETYEMBRE 10, 2023

WORSHIP

We Praise Your Name,
Majestic,
In Control,
Lead Me to The Cross,
Grace So Glorious

WELCOME

Ano ang iyong pakiramdam tungkol sa mga *conflicts* o pagtatalo na nababasa mo sa *social media* (maging video man ito o isang *post*)?

WORD

1 CORINTO 6:1-11
_ ANG BIBLIA 2001

Kapag ang sinuman sa inyo ay may reklamo laban sa isang kapatid, mangangahas ba siyang magsakdal sa harapan ng mga masasama at hindi sa harapan ng mga banal?
2 Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga banal ay hahatol sa sanlibutan? At kung ang sanlibutan ay hahatulan ninyo, wala ba kayong kakayahang humatol sa napakaliliit na bagay?...
7 Sa katunayan, ang magkaroon kayo ng usapin laban sa isa't-isa ay isa nang pagkatalo para sa inyo. Bakit hindi ninyo hayaan na lamang na kayo'y gawan ng masama? Bakit hindi na lamang kayo padaya? 8 Ngunit kayo mismo ang gumagawa ng masama at nandaraya at ito'y sa inyong mga kapatid.
9 Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga masasamang tao ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos? Huwag kayong padaya! Ang mga mapakiapid, mga sumasamba sa diyus-diyosan, mga mangangalunya, mga binabae, mga nakikiapid sa kapwa lalaki, 10mga magnanakaw, masasakim, mga maglalasing, mga mapagmura, o ang mga manggagantso ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos.
11 At ganyan ang mga ilan sa inyo noon. Subalit nahugasan na kayo, ginawa na kayong banal, at inaring-ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, at sa Espiritu ng ating Diyos.

Ang pagsubok ng *spiritual maturity* o kahinugang espirituwal ay kung paano hinaharap ng mga tao ang mga alitan. Darating ang panahon na tayong lahat ay mahaharap sa mga alitan. Ngunit ang mga hindi pagkakasundo ay maaari ding maging pagpapala – ang ating pagkatao ay hinuhubog, at natututo tayong maging mas maunawain tungo sa isa't isa. Maaari pa nga nating **AYUSIN ANG MGA PAGTATALO SA PARAAN NG DIYOS.**

Paano ba hinaharap ng tao ang mga *conflicts* o pagtatalo? Ayaw aminin, makipag-away, sampahan ng kaso, at gamitin ang *social media* – ito ay mga maling pamamaraan. Sinasabi ng Biblia ang tamang paraan. Halimbawa sa **Marcos 11:25,** tayo ay hinihikayat na magdesisyon na magpatawad. Kung tayo ay may problema sa isang tao at matapos nating ipagdasal, piliin nating patawarin yung tao. Iyon ay sariling desisyon sa parte ng nagpapatawad—kahit na hindi nanghingi ng kapatawaran, kailangang tanggalin mo ang lason sa iyong sistema. Ang katunayan ng tunay na pagiging Kristiyano ay ang kakayahang magpatawad. Kung ikaw ay isang Kristiyano, ikaw ay may abilidad na magpatawad. May tao bang nakasakit sa iyo? Katulad ng pagpapatawad sa iyo ng Diyos, patawarin mo rin ang taong iyon. Kung mayroong taong may hinanakit sa iyo – ano ang dapat nating gawin ayon kay Jesus (**Mateo 5:23-24**)? Ang pagsamba ay mahalaga, pero ang tunay na pagsamba ay may kaakibat na gawin ang pianakamabuti para maisaayos ang mga hindi pagkakaunawaan. Sa **Roma 12: 18-19** ay sinasabi na kung maaari, piliin nating makipamuhay nang mapayapa sa lahat ng mga tao. Kung minsan ay ayaw nila tayong makasama, patuloy kang manalangin at ipagkatiwala ito sa Panginoon. Huwag kang mag-isip ng sariling paghihiganti kundi bigyan mo ng puwang para ang Diyos ang kumilos!

Ang panatag na buhay Kristiyano ay nangangailangang gawin natin ang pinaka-mabuti, at kung posible, ang maisaayos ang mga *conflicts* o hindi pagkakasunduan. Hindi natin trabaho ang itama ng mga kamalian sa mundo. Iyan ay para sa Diyos. Pero kailangang mong gawin ang nasa iyong kakayanang maisagawa, habang ikaw ay…

1. CONSIDER WHO YOU ARE
_ ALALAHANIN MO KUNG SINO KA

Pinapaalalahanan ni Pablo ang simbahan tungkol sa mga mahahalagang bagay, nagtanong siya, ***"Hindi ba ninyo nalalaman…?"*** (**1 Corinto 6:1-2**) limang beses itong inulit sa *chapter* 6. Pinaalalahanan ni Pablo ang mga taga-Corinto na sila ay mga santo (**ibinubukod, Gk. *Hagios***), mga itinalaga kay Jesus. Ang dahilan kung bakit tayo ay nakabukod ay dahil namatay si Jesus para sa ating mga kasalanan, tayo ay pinatawad ni Cristo, at nabubukod-tangi para sa Diyos. Kaya, kailangan nating mamuhay sa kabanalan. Sinasabi din sa **1 Corinto 6:3-4** ang isang malaking katotohanan – ating hahatulan ang mga anghel sa hinaharap! Ang kamangha-manghang pamana para sa mga anak ng Diyos ay tayo ay maghahari kasama ng Hari ng mga hari at Panginoon ng mga Panginoon. Kung alam natin kung sino tayo bilang Kristiyano, bakit natin isakdal sa mga korteng makamundo o sa mga tagapamagitan ang ating mga alitan? Alam natin na tayo ay mga santo, mga anak ng Diyos, kung gayon ay mga prinsipe at prinsesa na maghahari sa hinaharap gaya ng pagkaka-propesiya (**Daniel 7:9; 13-14, 18, 27**). Ang maluwalhating katotohanang ito ay inulit sa Bagong Tipan (**Pahayag 2:26,5:9-10, 22:5, Lucas 19:17**). Ang mga kaharian sa mundong ito ay babagsak at lilipas. Natatanging Isang kaharian lang ang magtatagal sa kawalang-hanggan – ang kaharian ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Cristo Jesus. Ang kaligtasan ay libre! pero ang gantimpala ay nangangailangang gawin natin ang ating bahagi. Ang tanong – tayo ba ay namumuhay bilang mga santo, nakabukod para sa Diyos? Alalahanin natin na ang buhay natin sa mundo ay sa kung saan nasusubok para sa ating paghahari sa kaharian sa hinaharap. Kung alam mo kung ano ang meron kayo, inyong ititigil ang pakikipag-away sa isat-isa!

4Ws FILIPINO

WHAT'S WRONG WITH US?

DEAL WITH CONFLICTS IN GOD'S WAY

AYUSIN ANG MGA PAGTATALO SA PARAAN NG DIYOS

SETYEMBRE 10, 2023

WORD

2. CHOOSE TO GLORIFY GOD
_ PILIIN ANG PAPURIHAN ANG DIYOS

Sa **1Corinto 6:5-6** binanggit ni Pablo ang kung gaano nakakahiya ang sitwasyon – ito ay nagdulot ng kahihiyan kay Jesus at sa Diyos kapag ang mga Kristiyano ay nag-aaway sa isa't isa. Pinaalalahanan sila ni Pablo na anuman ang kanilang ginagawa, kanilang gawin ang lahat sa IKALULUWALHATI ng Diyos (**1 Corinto 10:31**). Ang mga Hudyo halimbawa ay hindi kailanman magpupunta sa korte – sila ay pupunta sa sinagoga upang kanilang bigyan mismo ng kalutasan ang mga problema. Isang kahihiyan para sa atin bilang mga Kristiyano kung tayo ay nakikipag-away sa kapwa mananampalataya.

3. COMMIT YOUR RIGHTS TO GOD
_ ISUKO ANG INYONG MGA KARAPATAN SA DIYOS

Lahat tayo ay mayroong inaakalang mga karapatan na sa ating palagay ay dapat nating matanggap. Pero ang Biblia ang nagsasabi sa atin na ipasakop at ipagkatiwala natin ang mga karapatang ito sa Diyos. Ito ay binibigyang diin sa **1 Corinto 6:7-8** sa kung saan itinutuwid ni Pablo ang mga taga-Corinto dahil kinakasuhan nila ang bawat-isa. Iminungkahi niya na isuko nila ang kanilang mga karapatan at unahin ang pakikipagkasundo. Kapag ang magkalaban ay hindi mananampalataya, o ang kaso ay krimen, saka lamang dapat isampa ang mga ito sa korte. Pero para sa mga usaping nagmumula sa hindi pagkakasundo sa kapwa mananananampalataya, ating isuko natin ang ating karapatan sa Diyos. Kahit na si Jesus ay nagtagubilin na ibigay ang iyong balabal at lumakad ng karagdagang milya. Sa **Genesis 13:2, 5-15** ay ang kuwento ni Abraham at Lot at ang pagtatalo sa pagitan ng kanilang mga tao. Ang kagulat-gulat, ang kuwento ay naglalarawan kung **paano namuhay ang mga Perezeo sa lupain** - may mga taong pagano na nanonood sa kanila! Alam ni Abraham na ang pakikipaglaban kay Lot ay hindi isang opsyon. Ang pananampalataya ni Abraham ay nasa Natatanging-Isa na nagbibigay ng sukdulang pagpapala - kaya ipinagkatiwala niya ito sa Diyos. Inihayag sa **Genesis 19** na si Abraham at ang kanyang pamilya ay naligtas nang ang lupaing pinili ni Lot ay nawasak (bilang bahagi ng Sodoma at Gomora). Bilang mga Kristiyano, may taglay tayong pagkakakilanlan na nagpipilit sa atin na kumilos nang maayos sa paningin ng ibang mga tao na hindi pa nakakakilala kay Cristo - ipakita natin sa kanila na nagtitiwala tayo sa isang soberanong Diyos!

4. FOCUS ON GOD'S GRACE
_ MAGPOKUS SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

Sa **1 Corinto 6:8-9** ay binabanggit ni Pablo ang listahan ng mga kasalanan sa gitna ng pagtatalakay tungkol sa pagsasaayos ng *conflict* o hindi pagkakasundo. Sa mga taga-Corinto ay gumagawa ng mali (Gk. *Adikeo*) o hindi matuwid (Gk. *Adikos*) na mga bagay ang ginagawa. Alalahanin natin – kung paano tayo namumuhay ngayon ay nagpapatibay sa harap ng Diyos na tayo ay mga tagasunod ni Jesus. Ang kaligtasan ay libreng regalo, pero ang *grace* o biyayang ito ay dapat mapagpabago sa isang tao – binago ng Panginoon! Ang mga taga-Corinto ay ipinamumuhay ng mga maling bagay at sila ay pinaalalahanan na sila ay "***nilinis, pinapabanal at inaring-ganap***" sa ngalan ni Jesus sa pamamagitan ng Diyos (**v.11**)! Sa **Tito 2:11-12** ay nagpapaalala na ang biyaya ng Diyos ay naghahatid ng kaligtasan, pero inuutusan din tayong magbagong buhay – upang mamuhay ng matuwid at talikuran ang lahat ng kasamaan. Ang *grace* ding ito ang nagbibigay kalakasan sa atin upang isaayos lahat ng hindi mga pagkakasundo na ating kakaharapin. Salamat sa Diyos para sa Kanyang kamangha-mangha o *amazing grace*!

DISCUSSION QUESTIONS

(Para sa mga lider: Pumili ng mga tanong na nababagay sa antas ng spiritual maturity ng iyong mga *members*)

1. Self-Check
_ Pansariling Pagsusuri

Ano ang epekto na alam mo ang iyong pagkakakilanlan (*identity*) kay Cristo sa pagtugon mo sa mga *conflicts* o hindi pagkakaunawaan?

2. Setting It Right
_ Pagsasaayos

Madali bang isuko sa Diyos ang iyong mga karapatan? Magbahagi ng isang sitwasyon kung kailan mo ito ginawa at ano ang naging resulta.

3. Living It Out
_ Pagsasabuhay

Paano nakakaapekto ang grasya ng Diyos sa iyong buhay upang ikaw ay maging isang tao na kayang makipagsundo sa iyong kapwa?

WORKS
PRAY CARE SHARE. IN ACTION

Ipag-PRAY ang mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na maaaring nasasangkot sa mga hindi pagkakasundo na kanilang matuklasan na kay Jesus, mayroong kapatawaran para sa kanila. CARE na maging malinaw na halimbawa ng isang taong naghahangad na makipamuhay nang mapayapa sa lahat ng mga tao para sa kasiyahan ng Panginoon. SHARE mo sa kanila kung paanong sa pamamagitan ni Cristo ay makapagbibigay ng kapatawaran at makahahangad na makipagkasundo sa mga nakasakit sa kanila.

WEEKLY PRAYER POINTS

I. Thanksgiving.
_ Pagpapasalamat
- Sambahin ang Diyos dahil sa kung sino Siya, para sa ginawa na Niya at gagawin pa Niya sa ating buhay.

II. Country and the World.
_ Ang ating Bansa at ng Mundo
- Matuwid at moral na pamamahala ng mga bagong halal at nanunungkulan na mga pampublikong tagapaglingkod at mga mamamayan para sa isang Christ-centered na Pilipinas.
- Pagsisisi at Kaligtasan

III. Church
- Para sa mga miyembro ng CCF na maparangalan at mahalin ang Diyos at isakatuparan ang mag- disciple kay Cristo.
- Para sa mga Elders, Pastors, Leaders, at Pamilya
- Ang mga Ministries at Churches sa buong mundo.

IV. CCF Facilities
- Worship at Training Center.
- Prayer Mountain

V. Personal Concerns
- Paglalim na relasyon natin sa Panginoon
- Matuwid na pamumuhay
- Kaligtasan ng pamilya at mga kaibigan

MEMORY VERSE

1 CORINTO 6:11

At ganyan ang mga ilan sa inyo noon. Subalit nahugasan na kayo, ginawa na kayong banal, at inaring-ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, at sa Espiritu ng ating Diyos.